Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

FILE COPY
DATE 8-12

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-4 NG AGOSTO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR...............GUMANAP NA PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar.......................................... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison.............................................. Kagawad
Kgg. Louie C. De Leon............................................. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas.............................................. Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca.............................................. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco.......................................... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor.......................................... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Ricardo B. Ramirez........................................... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan........................ Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 183-T'99

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 54-T'99 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 01-T'99 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN PABLO SUR NA INILALAAN ANG 5% WITHHELD INTERNAL REVENUE ALLOTMENT NA MAY HALAGANG DALAWAMPU'T ISANG LIBO, TATLONG DAAN WALUMPU'T ISANG PISO (P21,381.00) UPANG MAGSILBING KARAGDAGANG BADYET NG NABANGGIT NA BARANGAY PARA SA PAGBILI NG GAMOT SA LAMOK (RESIGEN) SA HALAGANG P6,500.00 AT SA MENTINANSYA NG PATROL CAR SA HALAGANG P14,881.00.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 54-T'99 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T'99 ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur na naglalayong maglaan ng kaukulang halaga bilang karagdagang badyet ng nabanggit na barangay, na ang mga paglalaanan ay nakasaad sa itaas nito;

SAPAGKA'T, ang naturang paglalaan ng pondo ay naaayon sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos;

SAPAGKA'T, ito ay dumaan na sa Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T, anuman ang iba pang gawing pagbabago at paglalabas ng laang gugulin ay kapananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. De Leon na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco at Edgardo T. Porca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 54-T'99 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T'99 ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur na inilalaan ang 5% Withheld Internal Revenue Allotment na may halagang Dalawampu't Isang Libo Tatlong Daan Walumpu't Isang Piso (P21,381.00) upang magsilbing karagdagang badyet ng nabanggit na barangay para sa pagbili ng gamot sa lamok (Resigen) sa halagang P6,500.00 at sa mentinansya ng patrol car sa halagang P14,881.00.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Brgy. ng San Pablo Sur, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa Kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:
EUGENIO A. JAVIER, JR.
Gumanap na Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:
HEIDI S. CIRIACO
Gumanap na Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY:
DATE
LAGUNA